Pangangalagang Pangkalusugan sa Ontario: Pagkuha ng mga Resetang Gamot

Maaaring kailangan mong uminom ng gamot kung ikaw ay sakit o napinsala. Sa ilang kaso, makakabili ka ng mga gamot sa isang botika nang hindi nagpapatingin sa isang doktor o nars. Ang mga ito ay tinatawag ng mga gamot na hindi kailangan ng reseta.

Para sa ibang mga gamot, kakailanganin mo ng reseta ng isang doktor o nars. Ang isang reseta ay nagsasabi sa parmasyutiko kung anong (mga) gamot ang kailangan mong inumin, gaano kadalas at para sa ilang araw. Sasabihin sa iyo ng parmasyutiko kung paano iinumin ang gamot nang ligtas.

Ano ang gagawin mo sa isang reseta? Mayroon bang plano sa gamot na tutulong na mabayaran mo ang mga gastos? Ang impormasyon na matatagpuan mo rito ay tutulong sa iyo na maintindihan:

- kung paano kumuha ng mga gamot na may reseta
- kung sino ang nagbabayad ng mga resetang gamot sa Ontario

Mahahanap ninyo itong papel ng dapat malaman online sa iba pang mga wika sa ontario.ca/healthcarebasics. Pindutin ang buton na "Information in Other Languages." Ang online na bersiyon ay magbibigay din sa inyo ng mga link upang makakuha ng karagdagang kaalaman tungkol sa pagkuna ng pangangalagang medikal sa Ontario.

1. **Binigyan ako ng aking doktor ng isang reseta. Ano ang gagawin ko rito?**

Kailangan palagyan mo ng gamot sa isang parmasya (tinatawag ding tindahan ng gamot o botika) ang iyong reseta. Maaari kang pumili ng tindahan na batay sa mga bagay na tulad ng lokasyon at mga oras ng pagpapatakbo.

Titingnan ng tauhan ang reseta at ang iyong personal na impormasyon tulad ng iyong pangalan, tirahan at numero ng telepono. Kung ikaw ay may plano sa gamot na tutulong na magbayad para sa iyong gamot, kailangan mong ibigay ang impormasyong iyon. Sasabihin sa iyo ng parmasyutiko kung paano iinumin ang gamot nang ligtas. Kung may mga tanong ka tungkol sa pag-inom ng gamot, tiyakin na naitanong ang mga ito.

2. **Ang gobyerno ba ng Ontario ay nagbabayad para sa aking mga resetang gamot?**

Maaaring karapat-dapat ka sa isang programa sa gamot ng Ontario. Kabilang dito:

- Ang Ontario Drug Benefit Program. Ang programang ito ay nagbabayad para sa sa higit sa 3,300 produktong gamot, kabilang ang mga produkto sa nutrisyon at mga ahente ng pagsubok sa diyabetiko. Lahat ng mga naninirahan sa Ontario na higit sa edad na 65 ay awtomatikong sakop ng programang ito.
- Ang Trillium Drug Program. Ang programang ito ay para sa mga taong naninirahan sa Ontario na gumagasta ng malaking bahagi ng kanilang kita sa mga resetang gamot.

Tagalog – Health Care in Ontario: Getting Prescription Drugs Cat# 015665 Nov/2010 © Queen's Printer for Ontario

Ontario

O, kung nagtatrabaho ka, ang iyong tagapag-empleyo ay maaaring mag-alay ng isang plano sa gamot na magbabayad sa ilan o lahat ng iyong mga gastos sa gamot. Kung hindi, kailangan mong bayaran ang iyong mga resetang gamot.

3. Paano ako mag-aaplay para sa Ontario Drug Benefit Program o sa Trillium Drug Program?

Dapat kang makatugon sa mga partikular na kondisyon upang maging kuwalipikado para sa mga programang ito.

Upang sumapi sa Ontario Drug Benefit Program: Ang programang ito higit sa lahat ay para sa mga nakatatanda at mga taong nangangailangan ng pangangalaga sa bahay o pangmatagalang pangangalaga. Kung ikaw ay

- higit sa edad na 65, at
- nagtataglay ng may-bisang kard na pangkalusugan sa Ontario

hindi mo kailangang mag-aplay. Kailangan mo lamang dalhin ang iyong reseta at iyong kard na pangkalusugan sa iyong botika. Sabihin sa parmasyutiko na ikaw ay karapat-dapat na ngayon sa Ontario Drug Benefit Program. Titiyakin ng parmasyutiko na ikaw ay kuwalipikado sa pamamagitan ng Health Network System ng gobyerno.

May mga co-payment at mga deductible na kailangan mong bayaran. Maaari kang makapag-aplay para sa isang mas mababang $2 co-payment.

Tandaan: Maaari ka ring sumapi sa programang ito sa pamamagitan ng ibang programa sa pangangalagang pangkalusugan ng Ontario, tulad ng pangmatagalang pangangalaga o pangangalaga sa bahay. Ang taong tumutulong sa iyo na mag-aplay para sa programang iyon ay tutulong din sa iyo na mag-aplay para sa Ontario Drug Benefit Program.

Upang sumapi ssa Trillium Drug Program: Maaari kang kumuna ng kit ng aplikasyon sa iyong lokal na botika. O, tumawag sa 1-800-575-5386. Magagawa mo rin na kumuha ng kopya ng form ng aplikasyon at patnubay online.

4. **May mga tanong ako tungkol sa paggamit ng sistema ng pangangalagang pangkalusugan sa Ontario. Sino ang maaari kong tawagan?**

Tawagan ang ServiceOntario, INFOline sa pagitan ng 8:30 am hanggang 5:00 pm. Ang mga tauhan ay makakatulong sa iyo sa Ingles, Pranses at 20 iba pang mga wika. Tumawag sa:

- 1-866-532-3161
- TTY 1-800-387-5559
- Sa Toronto, TTY 416-327-4282

Kumuha ng karagdagang kaalaman online sa health.gov.on.ca.